



MADALAS ITANONG

IPINAGPALIBAN ANG AKSYON PARA SA MGA MANGGAGAWA SA MGA ALITAN SA PAGGAWA

Ano ang bagong prosesong inanunsiyo ng Department of Homeland Security (DHS) para sa mga manggagawa?

Lumikha ang DHS ng panibagong “pinadaling proseso” sa paghingi ng work permit at pansamantalang proteksyon laban sa deportasyon para sa mga manggagawang nasasangkot sa isyung nauugnay sa lugar ng kanilang trabaho. Layon ng prosesong ito ang pagtiyak sa pagkamakatarungan, kaligtasan, at pagkakapantay para sa lahat ng mga manggagawa sa Estados Unidos sa pamamagitan ng pagpapatibay sa kakayahan ng mga ahensiya ng paggawa na magpatupad ng mga pamantayang nauugnay sa paggawa at pagtatrabaho.

Anong klaseng proteksyon ang iniaalok nito?

Ang proteksyon laban sa deportasyon ay nasa anyo ng “deferred action” o pagpapaliban, at umaabot ito ng dalawang taon. Sa “deferred action” o pagpapaliban, tinitiyak ng DHS na walang deportasyong mangyayari sa isang indibidwal sa loob ng itinakdang panahon. Maaaring makatanggap ng work permit ang indibidwal na mabibigyan ng pagpapaliban kung maipapakita nito ang pangangailangang makapagpatuloy sa trabaho. Maaaring ma-renew ang pagpapaliban kung patuloy ang pagsisiyasat o interes ng ahensiya ng paggawa sa lugar ng trabahong nasasangkot. Para maisagawa ang prosesong ito, kailangan ang kooperasyon ng dalawang ahensiya. Ang mga ahensiyang ito ay ang pederal, nasyonal o lokal na ahensiya ng paggawa, na siyang nag-iimbestiga at nagpapatupad ng mga batas ng paggawa, at ang DHS, na siyang nagpapatupad ng batas sa imigrasyon. Kailangang makipag-ugnayan ng ahensiya ng paggawa sa DHS na iniimbestigahan nito ang isyu ng banyagang manggagawang nangangailangang proteksyon laban sa deportasyon para sila ay makatulong sa imbestigasyon. Magpapadala ang ahensiya ng paggawa ng liham (“Statement of Interest” ang tawag minsan) sa DHS kung saan inilalarawan nito ang lugar ng trabaho at ang mga apektadong manggagawa, at ang mga indibidwal na pasok sa pamantayan ay maaaring personal na mag-aplay para makatanggap ng “deferred action” o pagpapaliban.

Sino ang pasok sa pamantayan?

Para maging pasok sa pamantayan, ang kasalukuyang (o maaari ring dating) employer ng manggagawa ay dapat sentro na ng bukas na imbestigasyon ng isang ahensiya ng paggawa AT ang nag-iimbestigang ahensiya ay dapat na magsumite ng liham sa DHS kung saan nakalahad ang pagsuporta nito sa “deferred action” o pagpapaliban para sa mga manggagawang iyon.

Wala pang iniuulat ang DHS na iba pang mga kinakailangan para maging pasok sa pamantayan, maliban sa dapat ay pasok sa saklaw ng mga manggagawa na inilalarawan

ng isang ahensiya ng paggawasa kanilang Statement of Interest. Kahit sinumang hindi dokumentadong manggagawa ay maaaring mag-aplay – sila man ay nasa kasagsagan ng pagdinig kaugnay sa deportasyon, may order ng pagpapaaalis, o walang kahit anumang interaksyon sa ICE o sa mga korte ng imigrasyon. Maaaring gamitin ng lahat ang parehong proseso. Gayunpaman, ito ay diskresyonaryong anyo ng kaluwagan. Ibig sabihin, maaaring magkakaiba ang desisyon ng DHS sa bawat kaso kung magpapahintulot ba ito ng “deferred action”, at maaari rin silang tumanggi dahil sa anumang rason.

Ano ang isyu ng paggawa?

Sa prosesong ito, ang isyu ng paggawa ay kapag ang manggagawa o grupo ng mga manggagawa sa isang lugar ay nag-ulat ng hindi pagsunod sa batas ng kanilang employer sa pederal, nasyonal, o lokal na ahensiya na siyang magpapasimula ng imbestigasyon. Halimbawa, kapag ang employer ay hindi nagbabayad ng overtime (trabahong lagpas sa itinakdang oras), hindi nagbibigay ng karampatang oras ng pahinga, pagpilit sa manggagawang umalis nang hindi pa oras, o hindi pagbibigay ng sapat na kagamitang pangkaligtasan, maaaring maghain ng reklamo ang mga manggagawa laban sa kanilang employer at maaari rin itong umabot sa lokal, nasyonal, o pederal na ahensiya ng paggawa. Kung sa tingin mo ay nilalabag ng iyong employer ang iyong karapatang paggawa, makipag-ugnayang sa isang lokal na organisasyong nauugnay sa karapatang paggawa, gaya ng “workers’ center.”

Paano kung ang aking lugar ng trabaho ay nasasangkot na sa isyu ng paggawa?

Kung ikaw ay nasasangkotsa isyu ng paggawa na nasa ilalim na ng imbestigasyon, ngunit hindi pa nagpapadala ang ahensiya ng paggawa ng liham o Statement of Interest sa DHS, maaaring makatulong ang iyong lokal na workers’ center o iba pang mga mapagkakatiwalaang tagapagbigay ng serbisyong legal sa paghingi ng liham.

Ano ang papel ng ahensiya ng paggawa sa proseso ng “deferred action” o pagpapaliban?

Ang ahensiyang nagpapatupad ng batas ng paggawa (gaya ng Department of Labor, o nasyonal o lokal na ahensiya) ay kailangang mag-isyu ng liham direkta sa DHS. Dapat nakasulat sa liham na ang ahensiya ay nag-iimbestiga sa partikular na lugar ng trabaho at dapat nitong pangalanan ang lugar. Dapat ilahad ng liham ang pangangailangan ng mga manggagawa ng proteksyon laban sa deportasyon para makatulong sa imbestigasyon at matukoy ang grupo ng mga manggagawang bahagi nito Tandaang hindi kusang nag-iisyu ng liham ang isang ahensiya ng paggawa—apat itong hingiin ng mga manggagawa o mga tagapagtaguyod base sa mga kadahilanang gaya ng takot ng mga manggagawa sa paghihiganti at ang interes ng pamahalaan sa pagpapatupad ng mga batas sa paggawa na hindi sinunod.

Halimbawa, kung ang isang ahensiya ng paggawa ay nag-iimbestiga sa isang kumpanya ng konstruksiyon dahil sa diumanong hindi pagbabayad ng overtime sa mga manggagawa nito mula Hunyo 2020 hanggang Hulyo 2022, ang mga manggagawang nagtrabaho lamang sa kumpanya sa nasabing panahon ang pasok sa pamantayan. Tandaang ang mga liham na ito ay hindi nagsasaad ng pangalan o personal na pagkakakilanlan ng mga manggagawa.

Paano makapag-aaplay ang mga manggagawa para sa “deferred action” o pagpapaliban at “work permit” o awtorisasyon sa pagtatrabaho?

Ang mga indibidwal na pasok sa pamantayang isinaad sa liham ng ahensiya ng paggawa ay maaaring mag-aplay para sa “deferred action” at work permit. Ipadala ang mga aplikasyon sa USCIS. Ang paghingi ng deferred action ay dapat kasabay na maipadala sa paghingi ng work permit. Nasa website ng USCIS ang listahan ng mga materyales na kailangan para sa mga aplikasyon. Tandaang libre ang paghingi ng “deferred action,” ngunit ang paghingi ng work permit ay may bayad na \$410 para sa pagpoproseso, maliban na lang kung ang aplikante ay humingi ng “fee waiver” o pagwawaksi sa bayad.

Saan ko ipadadala ang aking aplikasyon?

Ipadala ang mga aplikasyon sa:

USCIS
Attn: Deferred Action
10 Application Way
Montclair, CA 91763-1350

Maaari bang mag-renew ng “deferred action” o pagpapaliban at ng work permit?

Maaari, depende sa itatagal ng imbestigasyon. Sa puntong ito, hindi pa nilililaw ng USCIS ang proseso ng renewal. Maglalabas kami ng panibagong FAQ kapag may pahayag na ang USCIS tungkol dito.

Patungo ba sa permanenteng estado ang programang ito?

Hindi, ang “deferred action” ay pansamantalang permiso lamang sa pananatili sa Estados Unidos.

May mga panganib ba sa pag-aaplay?

Kung sa kasalukuyan ay hindi ka nahaharap sa anumang pagdinig ukol sa deportasyon, o kung wala kang pinal na order ng deportasyon, ang pag-aaplay para sa “deferred action” o pagpapaliban ay mag-aalerto sa DHS na ikaw ay nasa bansa. Maaari itong magbunsod ng karampatang parusa sa iyo, lalo na kung hindi nito batid na nasa bansa ka na ngayon. Kumpidensiyal ang mga aplikasyong ito, ngunit may posibilidad na gamitin ng susunod na administrasyon ang impormasyon sa mga aplikasyon upang ilagay ang mga manggagawa sa paglilitis sa deportasyon kapag wala ng bisa ang kanilang kasalukuyang estado. At kung mayroon kang anumang kriminal rekord, kabilang ang pagkakaaresto, inirerekomenda namin ang pakikipag-ugnayan sa isang abogado eksperto sa imigrasyon bago mag-aaplay para sa “deferred action.” Ayon sa DHS, pasok pa rin sa pamantayan ang mga may kriminal rekord, ngunit ang pagkakaroon ng kriminal rekord ay maaaring makapagpataas ng panganib na hindi mabigyan ng DHS ng pagpapaliban at maaari rin itong magdala ng karampatang parusa sa iyo.

Para sa iba pang impormasyon kaugnay ng bagong prosesong ito, bisitahin ang FAQ by NILC at DHS guidance.



Tandaang ang impormasyong narito ay rekurso lamang para sa komunidad at hindi maaring isaalang-alang na legal na payo. Para sa mga katanungan ukol sa sangguniang ito, makipag-ugnayan kay Ann Garcia sa agarcia@nipnlg.org o kay Jessie Hahn sa DAforWorkers@nilc.org.